

**Pahayag ng Mga Karapatan sa Mahihinang Nasa Hustong Gulang
Nilalayan para gamitin sa NH, ALF, AFH, ICF/IID (hindi RHC) at ESF
Vulnerable Adult Statement of Rights
Intended for use in NH, ALF, AFH, ICF/IID (non RHC) and ESF**

Ayon sa Kabanata 74.34 RCW, ikaw ay karapat-dapat na maging malaya mula sa pag-abandona, pang-aabuso, pinansyal na pananamantala at pagpapabaya. Kung mayroong dahilan upang paniwalaan na naranasan mo ang pag-abandona, pang-aabuso, pinansyal na pananamantala at pagpapabaya, mayroon kang karapatan na:

1. Gumawa ng ulat sa Kagawaran ng Serbisyon Panlipunan (Social and Health Services) (DSHS) at sa tagapagpatupad ng batas at magbahagi ng anumang impormasyon na sa tingin mo ay maaaring may kaugnayan sa imbestigasyon, at tukuyin ang sinumang tao na pinaniniwalaan mong mayroong kaugnay na impormasyon.
2. Maging malaya mula sa paghihiganti sa pag-ulat o naging sanhi ng pag-ulat ng pag-abandona, pang-aabuso, pinansyal na pananamantala at pagpapabaya.
3. Itrato na may dignidad at bigyan ng magalang na mga salita.
4. Maayos na tirahan para sa iyong kapansanan kapag nag-uulat, at sa panahon ng mga imbestigasyon at mga administratibong paglilitis.
5. Humiling ng pag-uutos na nagbabawal sa sinuman na nag-abandona, nang-abuso, pinansyal na pananamantala, o nagpapabaya sa iyo sa paninirahan sa iyong bahay, pakikipag-ugnayan sa iyo, pag-access sa iyong pera o ari-arian. **Isasangguni ka namin sa isang samahan na makakatulong sa iyo.**
6. Makatanggap ng impormasyon mula sa DSHS at narapat na mga pagsangguni at iba pang mga ahensya na maaaring magtaguyod, mag-imbestiga, o gumawa ng aksyon.
7. Maabisuhan ng katayuan ng mga imbestigasyon, paglilitis, mga aksyon ng korte, at kinalabasan ng ahensya na humahawak ng anumang kaso kung saan ikaw ang biktima (sa loob ng mga kinakailangan na itinatag ng batas).
8. Humiling ng mga referral para sa adbokasiya o tulong legal upang makatulong sa ligtas na pagpapalano, mga imbestigasyon at mga pagdinig. **Ire-refer ka namin sa narapat na resource.** Makita ang mga numero ng telepono na nakalista sa ibaba.
9. Magreklamo sa DSHS nang pormal o informal, tungkol sa mga imbestigasyon o mga paglilitis, at makatanggap ng mabilis na tugon.

Upang gumawa ng ulat ng pang-aabuso, pag-abandona, pagpapabaya, pagpapabaya sa sarili o pinansyal na pananamantala. O upang humiling ng order ng proteksyon, tumawag sa:

**Hotline ng Reklamo sa Mga Serbisyo para sa Residential Care
(Residential Care Services Complaint Hotline)**

1-800-562-6078

Boses / TTY Accessible 1-800-737-7931

Upang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng State Long-Term Care Ombuds' tumawag sa:

1-800-562-6028

TTY: 1-800-737-7931

Upang makipag-ugnayan sa Disability Rights of Washington, tumawag sa:

1-800-562-2702

Relay ng Washington (TTY) available sa pamamagitan ng 711

Upang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Developmental Disabilities Ombuds Complaint Lines:

Boses: (833) 727-8900

Available ang mga Interpreter

TTY: Mangyaring gamitin ang 711 Washington Relay Service